# Mga Katanungan sa Pabahay ng Prepektura
## （Gifu Prefecture Housing Division）

**＜Q1＞**

**Kailan ang panahon ng aplikasyon para sa mangungupahan ng Pabahay ng Prepektura?**

**＜A1＞**

【Regular na Recruitment】

Kami ay nagre-recruit ng mga bagong mangungupahan para sa pabahay na naging bakante. Kung mayroong mas maraming aplikante kaysa sa magagamit na mga unit, ang pagpili ng mga mangungupahan ay dadaan sa pamamagitan ng lottery.

【Nagre-recruit sa anumang oras】

Tatanggap ng mga aplikasyon first-come, first-served basis para sa mga housing unit kung saan walang natanggap na aplikasyon sa panahon ng regular na proseso ng recruitment.

Paki-check ang pinakabagong recruitment status sa mga sumusunod na paraan.

○Telepono　Gifu-ken Jutaku Kyokyu Kosha (Gifu Prefectural Public Housing):
Management department　0584-81-8503（direct dial）

○ Internet　Gifu Prefecture Government Office Homepage
"Prefectural Housing Guide"

**＜Q2＞**

**Anu-ano ang mga kondisyon na kailangan o mayroon para sa aplikasyon ng Pabahay ng Prepektura?**

**＜A2＞**

Ang mga gustong mag-aplay para sa pangungupahan sa Pabahay ng Prepektura ay dapat matugunan ang lahat ng sumusunod na kondisyon 1 hanggang 5.

１. Hindi nagpabaya sa pagbabayad ng Prefectural Tax.
２. Paninirahan kasama ang pamilya.
３. Nahihirapan sa pagbabayad sa inuupahan o tinitirahan.
４. Hindi paglagpas sa standard income.
５. Hindi kasangkot o kasali sa anumang crime syndicate (Yakuza).

＜Q3＞
**Saan naroroon ang Pabahay ng Prepektura ng Gifu?**

＜A3＞

| | | |
|---|---|---|
| Gifu City | Pabahay ng Shiraki-machi | https://www.pref.gifu.lg.jp/page/3316.html |
| | Pabahay ng Gon-no-shima | https://www.pref.gifu.lg.jp/page/3325.html |
| | Pabahay ng Kano | https://www.pref.gifu.lg.jp/page/3330.html |
| | Pabahay ng Tagami | https://www.pref.gifu.lg.jp/page/3345.html |
| | Pabahay ng Yuhi-ga-oka | https://www.pref.gifu.lg.jp/page/3336.html |
| Kakamigahara City | Pabahay ng Ozaki | https://www.pref.gifu.lg.jp/page/3340.html |
| Kitagata Cho | Pabahay ng Kitagata | https://www.pref.gifu.lg.jp/page/3346.html |
| Ogaki City | Pabahay ng Fujie | https://www.pref.gifu.lg.jp/page/3354.html |
| | Pabahay ng Arasaki | https://www.pref.gifu.lg.jp/page/3358.html |
| Tarui Cho | Pabahay ng Miyashiro | https://www.pref.gifu.lg.jp/page/3361.html |
| Tajimi City | Pabahay ng Asahi-ga-oka | https://www.pref.gifu.lg.jp/page/3366.html |
| Toki City | Pabahay ng Senboku | https://www.pref.gifu.lg.jp/page/3369.html |
| Takayama City | Pabahay ng Akahogi | https://www.pref.gifu.lg.jp/page/3370.html |

＜Q4＞
**Ano ang paraan ng aplikasyon na kailangan para sa pag-upa sa Pabahay ng Prepektura?**

＜A4＞

１． Una, alamin ang mga pabahay na kasalukuyang tumatanggap ng aplikasyon

２． Ihanda ang mga dokumento na kakailanganin sa aplikasyon para sa pangungupa at mag-apply sa pinakamalapit na tanggapan.

３． Ang titira at titirahang yunit ay pagpapasiyahan. (Isinasagawa ang palabunutan sa unang linggo ng buwan mula sa buwan matapos ma-apply ang aplikasyon para sa pangungupahan)

| Lokasyon ng Pabahay | Para sa Katanungan ・ Aplikasyon |
|---|---|
| Gifu District | Gifu-ken Jutaku Kyokyu Kosha<br>(Management section) : 0584-81-8503<br>Gifu-ken Jutaku Kyokyu Kosha<br>Prefectural Office, West Branch Office : 058-214-7058 |
| Seino District | Gifu-ken Jutaku Kyokyu Kosha<br>Management section 0584-81-8503 |
| Tono District | Gifu-ken Jutaku Kyokyu Kosha<br>Management section 0584-81-8503<br>Tō nō Kenchiku Jimusho<br>(Tō nō Architectural Office) 0572-23-1111 |
| Hida District | Gifu-ken Jutaku Kyokyu Kosha<br>(Management section): 0584-81-8503 |

**＜Q5＞**

**Maaari ba akong mag-apply kahit hindi ako nakatira sa Prepektura ng Gifu?**

**＜A5＞**

Oo, maaari.

**＜Q6＞**

**Kasalukuyan akong nasa isang "live-in"na relasyon, maaari pa ba akong mag-apply para sa paninirahan?**

**＜A6＞**

Maaari. Subalit kinakailangang mayroon mga opisyal na dokumento (tulad ng isang resident card) na nagpapatunay na kayo ay nagli-live-in. Gayundin, ang mga nasa common-law marriage o partnership, maaaring mag-aplay para sa occupancy na may patunay ng dokumentasyon.

Kung nagpaplano magpakasal, maaaring mag-aplay 4 na buwan bago ang iyong nakaplanong petsa ng pagpaparehistro (kasal). Sa kasong ito, kakailanganin magsumite ng mga dokumentong patunay pagkatapos ng kasal.

**＜Q7＞**

**Gaano katagal bago makakalipat pagkatapos mag-apply?**

**＜A7＞**

Sa kaso ng regular na recruitment, ang petsa ng paglipat ay ang unang araw ng makalipas ang 2 buwan (2 months after) kung kailan ginawa ang aplikasyon. Kailangan moakalipat sa loob ng 15 araw mula sa petsang ito. Kung mag-aaply anumang oras, mangyaring makipag-ugnay sa Gifu Prefectural Housing Supply Corporation, atbp., dahil mag-iiba ito depende sa oras ng aplikasyon.

**＜Q8＞**

**Magkano ang upa?**

**＜A8＞**

Ang upa sa Pabahay ng Prepektura ay nag-iiba at dumedepende sa lokasyon, laki, taon na itinayo ang gusali, pasilidad, at total income na tinatanggap ng pamilya. Magtanong sa Public Housing.

**＜Q9＞**

**Kinakailangan ba ang deposito?**

**＜A9＞**

Kinakailangan ang 3 buwan na upa mula sa araw ng pag-lipat.

**＜Q10＞**

**Kailangan pa ba ng guarantor?**

**＜A10＞**

Hindi na kailangan ng guarantor, ngunit kailangan ng emergency contact information. Dapat magrehistro ng isang kamag-anak o kaibigan na maaaring tawagan kung may kaso ng isang emergency bilang isang emergency contact.

**＜Q11＞**

**Maaari bang mag-alaga ng hayop sa Pabahay ng Prepektura?**

**＜A11＞**

Hindi pinapahintulutan ang pag-aalaga ng hayop.

**＜Q12＞**

**Dahil sa pagretiro ay nawalan ako ng kinikita, maaari bang mabawasan ang upa ?**

**＜A12＞**

Maaaring mabawasan, subalit kinakailangang magsumite ng aplikasyon kalakip ang dokumentong nagpapatunay ng iyong pagreretiro.

**＜Q13＞**

**Anong proseso ang kinakailangan kung sakaling may kamag-anak ako na gusto kong patirahin na makakasama ko sa pabahay?**

**＜A13＞**

Kinakailangang magsumite ng aplikasyon na nagpapahintulot na maaaring magkaroon ng kasama sa pabahay.

**＜Q14＞**

**Gusto ko sanang umalis na sa Pabahay ng Prepektura, anong kapamaraanan ang kinakailangan kong gawin?**

**＜A14＞**

Una,kinakailangang ipagbigay-alam sa tagapangasiwa ng pabahay 20 araw bago ang araw ng pag-lisan.Pagkatapos ay sisiyasatin ito ng Public Housing at kinakailangang naroon ka, upang malaman kung merong dapat bayaran kung sakaling mayroong dapat ipa-ayos sa inupahang pabahay.

**＜Q15＞**

**Maaari ba akong magpatira ng kaibigan sa Pabahay ng Prepektura o maaari ko bang parentahan ang Pabahay ng Prepektura sa isang kaibigan?**

**＜A15＞**

Hindi ka maaaring magpatira ng sinuman, maliban sa iyong mga kamag-anak na naaprubahan ng Ptrepektura. Bukod pa rito, ang Pabahay ng Prepektura ay hindi maaaring ipaupa sa iba.